




Alamin kung Kailan Susubaybayan ang Sarili, Ibukod ang Sarili o Papapasukin ang Iyong Anak sa Paaralan

May mga tanong ang mga magulang tungkol sa COVID-19, at kung ano ang dapat na ginagawa nila para protektahan ang kanilang mga pamilya at komunidad. Nasa ibaba ang ilang mga halimbawa ng mga posibleng sitwasyon na may impormasyon para tumulong na gabayan ang mga magulang.


Paano kung...

May mga sintomas ng COVID-19 si Julia:



- Kailangang manatili sa bahay si Julia, ibukod ang sarili, at magpa-test.
- Kailangan ding manatili sa bahay ang mga kapatid ni Julia at ang mga nasa hustong gulang na miyembro ng pamilya na pumupunta sa lugar ng paaralan at ibukod ang kanilang mga sarili hanggang masiguradong hindi ito COVID-19.
- Puwedeng bumalik sa paaralan si Julia kung negatibo ang kanyang test, at bumubuti ang kanyang mga sintomas nang hindi bababa sa 24 na oras.
- Puwedeng bumalik sa paaralan ang mga kapatid ni Julia at mga nasa hustong gulang na miyembro ng pamilya na pumupunta sa lugar ng paaralan kung negatibo ang mga test ni Julia.

May mga sintomas si Abishola at nagpositibo sa test para sa COVID-19:



- Kailangang manatili sa bahay si Abishola at ibukod ang sarili nang 10 araw magmula sa araw na nagsimula ang kanyang mga sintomas.
- Lahat ng tao sa bahay ni Abishola ay kailangang manatili sa bahay at ibukod ang sarili nang hindi bababa sa 14 na araw.
- Dapat abisuhan ng isang magulang ang paaralan tungkol sa positibong resulta ng test. Pauwiin ng prinsipal ang klase ni Abishola. Kokontakin ng Public Health ang pamilya para sa mga karagdagang tagubilin.

May mga sintomas ng COVID-19 si Bao-Lee, pero hindi nagpa-test:



- Bao-Lee, ses frères et sœurs et les membres adultes de la famille qui fréquentent une école doivent rester à la maison et s'isoler pendant 10 jours à compter du début de ses symptômes.
- Les adultes du ménage, y compris les parents, qui ne fréquentent pas une école doivent s'auto-surveiller pour les symptômes. Ils peuvent aller travailler s'ils n'ont pas de symptôme.
- Après 10 jours, Bao-Lee, ses frères et sœurs et les membres adultes de la famille qui fréquentent l'école peuvent retourner à l'école si ses symptômes s'améliorent.

Feb 24 - Tagalog





Alamin kung Kailan Susubaybayan ang Sarili, Ibubukod ang Sarili o Papapasukin ang Iyong Anak sa Paaralan



Si Abdul ay naging malapitang kontak ng isang taong may COVID-19:

- Kailangang manatili sa bahay si Abdul, ibukod ang sarili at sundin ang payo ng public health.
- Kailangang manatili sa bahay ang mga kapatid ni Abdul para sa 14 na araw na panahon ng pagbubukod ni Abdul.
- Puwedeng pumasok sa paaralan o trabaho ang mga nasa hustong gulang kung wala silang mga sintomas.
- Kung magkaroon ng mga sintomas si Abdul, lahat ng nasa bahay ay kailangang manatili sa bahay at ibukod ang kanilang sarili. Dapat magpa-test si Abdul.
- Kung negatibo ang test ni Abdul, kailangan pa ring manatili sa bahay ang kanyang mga kapatid para sa panahon ng pagbubukod ni Abdul. Lahat ng nasa hustong gulang sa bahay ay puwedeng bumalik sa paaralan/trabaho kung wala silang mga sintomas. Kahit pa negatibo ang test ni Abdul, kailangan niyang kumpletuhin ang kanyang 14 na araw na pagbubukod bago bumalik sa paaralan dahil ganoon katagal para lumitaw ang mga sintomas.



Ang nanay ni Berta ay naging malapitang kontak ng isang taong nagpositibo sa test para sa COVID-19:

- Kailangang manatili sa bahay ang nanay ni Berta, ibukod ang sarili nang 14 na araw, at magpa-test.
- Kailangang manatili sa bahay si Berta at ang kanyang mga kapatid sa buong panahon ng 14 na araw na pagbubukod ng kanyang ina.
- Kung magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 ang nanay ni Berta habang ibinubukod ang sarili, lahat ng tao sa kanyang bahay ay kailangang ibukod ang kanilang sarili hanggang ipakita ng test ng kanyang ina na hindi ito COVID-19.



Naglakbay ang tatay ni Jackson sa labas ng Canada sa nakaraang 14 na araw:

- Kailangang manatili sa bahay ang tatay ni Jackson at ibukod ang sarili nang 14 na araw, mas mabuti kung sa isang silid na nakahiwalay mula sa mga ibang nasa bahay.
- Si Jackson, ang kanyang mga kapatid at sinumang nasa hustong gulang na pumupunta sa lugar ng paaralan ay kailangan ding manatili sa bahay nang buong 14 na araw na panahon ng travel quarantine.
- Kung magkaroon ng mga sintomas ang tatay ni Jackson, dapat siyang magpa-test.
- Si Jackson at lahat ng nasa bahay ay kailangang manatili sa bahay at ibukod ang kanilang sarili nang 14 na araw kung maging positibo ang test ng tatay ni Jackson para sa COVID-19. COVID-19.

Pebreero 24, 2021